# Pahayag mula sa Alkalde ng Rento sa Kaligtasan ng Lahat ng Residente

Ang pisikal, emosyonal, at sikolohikal na kaligtasan at kapakanan ng lahat ng residente ang pinaka pangunahing priyoridad dito sa Renton. Tinututulan namin ang anumang uri ng krimen na sanhi ng galit o mga insidenteng may kinalaman sa pagkampi at nakatuon kami sa pagtataguyod na isang malugod, ligtas, masiglang kapaligiran para sa lahat ng residente bilang bahagi ng pangunahing prinsipyo ng ating lungsod. Umuunlad ang ating pamayanan dahil sa pagkakaiba-iba, at gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang protektahan at tulungan ang lahat ng miyembro ng ating pamayanan.

Hinihikayat ko ang lahat na iulat ang anumang mga krimen na sanhi ng galit o mga insidenteng may kinalaman sa pagkampi sa Renton Police Department. Sa pamamagitan ng pag-uulat ng mga insidenteng ito, binibigyan natin ng kapangyarihan ang mga otoridad sa pagpapatupad ng batas na kumilos at tiyakin na ang maipapatupad ang katarungan. Mahalaga ang boses mo, at ang iyong kaligtasan ang pinaka pangunahing priyoridad.

Sa Renton, nagpatupad kami ng mga programang nagbibigay-diin sa kaligtasan, gaya ng Safe Place, isang pakikipagtulunga sa pamayanan na nag-aanyaya sa mga negosyo at paaralan na ituring ang kanilang mga lugar bilang isang dako na maaaring puntahan ng mga tao para sa kaligtasan at maghintay para sa mga imbestigador kung sila ay mabiktima ng isang krimen na sanhi ng galit. Patuloy naming sinusuri at pinapabuti ang mga hakbang na ito upang mas lalo pang mapahusay ang kaligtasan at kapakanan ng aming mga residente.

Sa ating mga residente na kasapi ng LGBTQ+, nais kong muling kumpirmahin na kayo ay pinahahalagahan, ipinagdiriwang, at protektado sa ating lungsod. Nagsusumikap kami araw-araw na itaguyod ang isang pamayanan na itinatag sa paggalang at pagiging kasali ng lahat, kung saan nararamdaman ng bawat isa na ligtas sila na maging kanilang totoong sarili.

*Mayor Armondo Pavone*